CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

PAHAYAG SA PRESS

Mayo 13, 2021
Kontak: Susan Jones, 562.570.6608, Susan.Jones@lbpl.org

Para sa Agarang Release

Ipinagdiriwang ng Long Beach Public Library ang 125 Taon ng Serbisyo

Long Beach, CA – Ipinagdiriwang ng Long Beach Public Library (LBPL) ang 125 taong serbisyo sa komunidad at inaanyayahan ang publikong i-follow ang kanilang social media para sa mga balita, update at pinakabagong sorpresa para makasali sa pagdiriwang.

“Sa loob ng 125 taon, pinahalagahan ng Long Beach ang mga pinakahahangad ng pampublikong aklatan – access, pagkakaiba-iba, kalayaang pang-intelektuwal, privacy, panghabambuhay na pag-aaral, serbisyo, at responsibilidad sa lipunan,” sabi ni Alkalde Robert Garcia. “Napakasuwerte namin na mahalagang bahagi ng aming serbisyo sa komunidad ang kinikilala sa bansang Long Beach Public Library,”

Upang ipagdiwang ang ika-125 anibersaryo nito para sa natitira bahagi ng taong ito, idodokumento ng website ng LBPL ang kasaysayan at paglaki ng Long Beach Public Library, ang pagdaragdag ng bagong nilalaman buwan-buwan, at pagbabahagi ng masasayang gawain para sa mga bata, kabataan at adult, kabilang ang 125 Dahilan para Ipagdiwang ang Iyong Aklatan, 125 Magagandang Libro para Magdiwang at ang Pang-anibersayong Crossword Challenge ng LBPL. Hinihikayat din ang mga residenteng sundan ang mga pagdiriwang sa pamamagitan ng pag-follow sa LBPL sa Facebook, Instagram at Twitter.

“Lubhang lumaki ang ating sistema ng aklatan sa loob ng 125 taon at umangkop at nagbago ayon sa mga pangangailangan ng ating komunidad,” sabi ng Direktor ng Pampublikong Aklatan ng Long Beach na si Glenda Williams. “Mula sa mga simpleng simulain nito, ang Aklatan ay nagbigay ng makabuluhang bagay para sa lahat at ipagpapatuloy naming gawin ito.”

Noong 1895, isang grupo ng “mga makabayan at praktikal na mamamayan” ang nagsama-sama upang buuin ang Asosayon ng Aklatan ng Long Beach sa pag-asang mabigyan ang 1,500 residente ng bayan ng silid na aklatan para sa pagbabasa. Noong Enero 1, 1896, binuksan nila ang unang aklatan sa Long Beach sa isang barung-barong na gawa sa kahoy na de-gaas na lampara sa tabing-dagat sa pagitan ng Pacific Avenue at Pine Street na may koleksyon ng 200 sari-saring libro mula sa First Congregational Church.

Kabilang sa koleksyon ng LBPL ngayon ang higit sa 800,000 item, at nagtatampok ng mga naka-print na materyal, recording, DVD, ebook, nada-download na audiobook, nai-stream na pelikula at awitin, at mga Chromebook at wireless na hotspot na available para ma-checkout. Kabilang sa digital na aklatan ang mga mapagkukunan para sa pag-aaral ng wika, tulong sa takdang-aralin at trabaho, mga bokasyunal at teknikal na klase, libangan, ganealogy at mga balita.

Ngayon, kabilang sa sistema ng aklatan ng Long Beach Public Library ang Billie Jean King Main Library sa Downtown at labing-isang aklatan sa kapitbahayan na matatagpuan sa buong lungsod.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa anibersaryo ng Aklatan o mga kasalukuyang serbisyo, kabilang ang LBPL To-Go at Tech To-Go, pakibisita ang www.lbpl.org o tumawag sa 562.570.7500.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach
Tahanan ng tinatayang 470,000 tao, inaalok ng maraming gawad at makabagong Lungsod ng Long Beach ang lahat ng world-class na amenity ng isang malaking metropolitan na lungsod habang pinapanatili ang matinding diwa ng mga indibidwal at iba-ibang kapitbahayang pinagsasama-sama sa tabi ng baybayin ng California. Bilang charter city na may kumpletong serbisyo, ang Long Beach ay tahanan sa Queen Mary, Aquarium of the Pacific, ilang museo at sinehan, isang distrito ng paaralang may mataas na rating, Long Beach Airport, ang Port of Long Beach, pati na ang maraming gawad na kagawaran ng Lungsod ntulad ng sa Kalusugan, Mga Parke, Libangan, at Marine, Mga Serbisyo sa Pagpapaunlad, at higit pa. Ang Lungsod ay mayroon ding napakarespetadong unibersidad at kolehiyong panlungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya-milyang dalampasigan, mga marina, mga daanan ng bisikleta, at programang Pagbabahagi ng Bisikleta.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bisitahin ang http://longbeach.gov/. I-follow kami sa social upang makasunod sa mga pinakabagong balita: Facebook, Twitter, Instagram, at YouTube.

Tungkol sa Long Beach Public Library
Ang Long Beach Public Library, na itinatag noong 1896, ay nagsisilbi sa isang urban na lungsod na may iba't ibang kultura's lahi na malapit na sa isang milyong tao. Kabilang sa sistema ng Long Beach Public Library ang Billie Jean King Main Library at labing-isang aklatan sa kapitbahayan at isang masiglang presensya online. Noong tag-araw ng 2017, ginawaran ang Long Beach Public Library ng National Medal for Library and Museum Services bilang pagkilala sa matatagumpay na pakikipagtulungan sa komunidad, makabagong STEM (Science, Technology, Engineering, and Mathematics) at mga programang nakatuon sa pagkatuto ng mga residente ng Long Beach. Nang may diin sa pagbibigay ng libre at pantay na access sa

impormasyon at suporta para sa habambuhay na pag-aaral, nag-aalok ang Library ng mga libro, media, database, access sa internet, Mga Family Learning Center, mga lugar sa paggawa, at iba't ibang event mula sa mga pagkukuwento hanggang sa mga programang pang-edukasyon at kultura.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang http://www.longbeach.gov/library, i-"like" ang Long Beach Public Library sa Facebook, at i-follow sa Twitter at Instagram.

###